

## Pananaw at Dalas ng Paggamit ng *AI Tool* sa Antas ng Kasanayan sa Pormal na Pagsulat sa Filipino

Alden T. Bucu<sup>1</sup>, Melanie S. Santos<sup>2</sup>, Flordeliza A. Castro<sup>3</sup>, Katrine Ames DR. Gito<sup>4</sup>,  
Alvin G. Alma Jose<sup>5</sup>, Ken Paul M. Espinosa<sup>6</sup>

<sup>123456</sup>Baliuag University, Baliwag City, Philippines

Corresponding Author's Email: [aldenbucu@baliuagu.edu.ph](mailto:aldenbucu@baliuagu.edu.ph)



### ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay may layunin na alamin ang makabuluhang kaugnayan ng pananaw sa paggamit ng AI Tool at antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral, gayundin pag-alam sa makabuluhang kaugnayan ng ang dalas ng paggamit ng AI Tool at antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Ginamit sa pag-aaral ang disenyong deskriptibong korelasyonal sa ilalim ng kalikasang kuwantitatibo. Gayundin, gumamit ang pag-aaral ng purposive sampling technique upang pumili ng mga tagatugon mula sa ikasampung baitang ng Baliuag University Basic Education para sa panuruang taong 2024-2025. Nalaman ng pag-aaral na ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw sa paggamit ng AI Tool para sa mga layuning pang-akademiko at madalas nilang ginagamit ang mga ito bilang mahalagang mapagkukunan ng kaalaman. Gayunpaman, nagpakita sila ng katamtamang kasanayan sa pormal na pagsulat ng Filipino, na nagmumungkahi ng lugar para sa pagpapabuti. Ang dalas ng paggamit ng AI Tool ay hindi makabuluhang nauugnay sa kahusayan ng mga mag-aaral sa pormal na pagsulat. Iminumungkahi nito na ang mataas na pagkakalantad sa teknolohiya ay hindi awtomatikong humahantong sa pinabuting kakayahan sa pagsulat. Bukod dito, napag-alaman na ang mga positibong pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa AI Tool ay may katulad na walang makabuluhang kaugnayan sa kanilang pormal na kasanayan sa pagsulat. Iminumungkahi nito na habang pinahahalagahan ng mga mag-aaral ang gamit ng AI Tool, ang kanilang mga kasanayan sa pagsulat sa Filipino ay maaaring nakasalalay sa iba pang mga kadahilanan na higit pa sa pakikipag-ugnayan sa teknolohiya, tulad ng kalidad ng pagtuturo, indibidwal na motibasyon, at pagsasanay sa pagsulat.

**Mga Susing Salita:** kapaligirang pansilid-aralan, well-being, mga mag-aaral ng medyor sa Filipino, edukasyon, Pilipinas

### Recommended Citation

Bucu, A. T., Santos, M. S., Castro, F. A., Gito, K. A. D., Alma Jose, A. G., & Espinosa, K. P. M. (2026). Pananaw at Dalas ng Paggamit ng AI Tool sa Antas ng Kasanayan sa Pormal na Pagsulat sa Filipino. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation*. 4(4), 148-161.

## INTRODUKSYON

Pinalawig ng teknolohiya ang mga limitasyong maaaring maabot ng isang tao. Ang patuloy na pamamayagpag ng teknolohiya sa kasalukuyan bilang kasangkapan sa pagbuo ng mga pangangailangan sa paaralan ay nagbigay ng daan sa pamumukadkad ng mga makabagong imbensyon kabilang ang artipisyal na katalinuhan.

Kaugnay sa usapin hinggil sa artipisyal na katalinuhan, binigyang pakahulugan ito ni Frankenfield (2023) bilang isang makina na layuning gayahin ang katalinuhan ng isang aktwal na tao gamit ang mga nakaprogramang datos sa loob ng software. Gayundin, ang artipisyal na katalinuhan ay mga kompyuter na gumagawa ng mga kognitibong gawain na kaugnay sa isip ng tao, lalo na sa pag-aaral at pagreresolba ng problema (Baker & Smith, 2018; Chen, et al., 2020).

Sa paglipas ng mga panahon, ang artipisyal na katalinuhan ay nakaranas ng alon ng pag-unlad. Ang patuloy na pagkatuto ng mga tao ay siya ring pagkakataon ng artipisyal na katalinuhan upang mas maging maunlad, patuloy na lumago, maging mas kolaboratibo, at mas madagdagan lalo na sa pagpasok ng ika-21 siglo (Liu et al., 2018). Kaalinsunod ng ebolusyon na patuloy na tinatamo ng artipisyal na katalinuhan, ang AI sa kasalukuyang panahon ay kaya nang mas magbigay-katuparan ng mga mas komplikadong kognitibong gawain, pumalit sa paulit-ulit na mga gawain, at gumawa ng mga desisyon batay sa malalaking bilang ng datos (De Oliveira, 2023).

Sa kasalukuyan, ang bisa ng artipisyal na katalinuhan ay ginamit na rin maging sa larangan ng edukasyon. Walang dudang nakatutulong ang AI sa sektor ng edukasyon lalo na kapag ginamit ito bilang pantuwang sa mga kagamitang pang-akademiko na may mataas na kalidad na lubhang makakatulong sa higit na pagpapatatag ng proseso ng pagbibigay tagubilin maging ng pagkatuto (Lee et al., 2020). Gayunpaman, sa kabila ng benepisyong dulot ng artipisyal na katalinuhan sa larangan ng edukasyon, ang paggamit nito ay maiihalintulad sa isang "espadang may dalawang talim" dahil ito ay lumilikha at nagpapakita ng parehong mga benepisyo at banta sa kasalukuyang sistema ng edukasyon, maaari itong maging sandata tungo sa pagpapaunlad ng kakayahan, at maaaring maging mapanira kung gagamitin sa hindi naaangkop na pamamaraan (Hagendorff, 2020). Sa tamang gabay, ang paggamit ng AI sa edukasyon ay maaaring magbunga ng pinagbuting mga resulta sa pag-aaral, pagpapalakas sa pagtuturo at kapakanan ng mga guro, at pagpapalaganap ng katarungan sa edukasyon (World Economic Forum, 2024).

Isa sa mga artipisyal na katalinuhan na bukas-bisig na tinanggap at ginamit sa larangan ng akademya ay ang mga AI Tool, mga uri ng artipisyal na katalinuhang may kakayahang umintindi ng wika ng tao at tumugon sa anumang katanungan sa pamamagitan lamang ng mga inilimbag na mensahe (Lieberman, 2023). Gayong ang AI Tool ay libre at madaling mahagilap sa internet, maraming mag-aaral sa loob at labas ng bansa ang patuloy na gumagamit nito bilang katuwang sa mga pagsasagawa ng mga gawaing pampaaralan (Ortiz, 2024).

Kaugnay sa patuloy na paglawig ng paggamit ng artipisyal na katalinuhan sa larangan ng edukasyon, tinukoy nina Hamilton at Swanston (2023) ang iba't ibang uri ng mga AI Tool na labis na pinakinabangan ng mga guro at mag-aaral, kabilang dito ang mga sumusunod: AI-Powered Educational Games, Adaptive Learning Platforms, Automated Grading and Feedback Systems, Chatbots for Student Support, at Intelligent Tutoring Systems. Sang-ayon dito, ang mga sistemang pinapatakbo ng artipisyal na katalinuhan ay maaaring tayahin ang pag-unlad ng mga mag-aaral, alamin ang kanilang mga lakas at



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

kahinaan, at magmungkahi ng angkop na mga materyal at aktibidad sa pag-aaral na naaayon sa kanilang mga pangangailangan. Makakatulong naman ito sa mga guro na magdisenyo ng mas epektibong oportunidad sa pagkatuto (Estrellado & Miranda, 2023).

Gayong kamakailan lamang namayagpag ang AI Tool partikular sa larangan ng edukasyon, samu't sari ang naging pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng makabagong artipisyal na katalinuhang ito. Umani ito ng iba't ibang reaksyon maging ng iba't ibang opinyon na nagpapahayag ng positibo at negatibong pananaw ukol dito. Kaugnay rito, lumitaw sa pag-aaral nina Ajlouni et al. (2023) na ang mga tagatugon na mag-aaral ng kanilang pananaliksik ay nagpakita ng positibong pananaw hinggil sa paggamit ng AI Tool sa larangan ng pagkatuto. Ang 73.2 porsyento ng kanilang mga respondente ay sumang-ayon na malaki ang potensyal ng AI Tool upang maging kaakibat ng kanilang pagkatuto at paghubog ng iba't ibang kasanayang pang-akademiko.

Sa kabilang banda naman, lumabas sa resulta ng saliksik ni Fabella (2023) na ang pagkakaroon ng pagkakamali, banta sa maling paggamit, posibleng kakulangan sa kredibilidad ng mga impormasyon, at mga kasagutang may pagkiling mula sa AI Tool ang nagiging rason sa pagkakaroon ng mga mag-aaral ng negatibong pananaw ukol sa paggamit nito.

Binanggit naman nina Enriquez et al. (2023) na nagreresulta ang negatibong mga pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI Tool mula sa mga alalahanin tungkol sa kahusayan, kredibilidad, o etikal na implikasyon nito sa mga gawaing pang-akademiko. Ang pagsisiyasat sa mga pananaw na ito ay nagbibigay ng mahahalagang kaalaman tungkol sa pagtanggap o pagtutol ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI Tool. Ang pagiging pribado ng mga datos at seguridad ay tinitingnan din na mahalaga ng mga mag-aaral kapag gumagamit ng mga kasangkapang pinagagana ng AI Tool.

Gayunpaman, malaki ang naitutulong ng paggamit ng mga AI Tool upang mapabuti ang mga kasanayan sa akademikong pagsusulat at motibasyon ng mga mag-aaral. Sa ganoong kadahilanan, ang integrasyon ng AI sa kanilang gawi sa pagsusulat ay may potensyal na magbunga ng mas mabilis at epektibong mga resulta sa pag-aaral (Song & Song, 2023). Sinang-ayunan din ito ng resulta ng pag-aaral nina Ghalayini at Zarrad (2023). Lumitaw sa kanilang pag-aaral na nakatulong ang paggamit ng AI Tool upang mapataas ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Natulungan nito ang mga mag-aaral na makapag-isip ng mas malawak na ideya, mapaghusay ang kaalaman sa gramatika, mabigyan ng pagkakataon na malaman ang pagkakamaling nagawa sa pagsulat, at mapalawak ang kanilang kasanayan sa bokabularyo.

Sa gabay ng guro, maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang AI Tool upang mag-ensayo sa iba't ibang aspekto ng proseso ng pagsusulat, lalo na ang mga kasanayang istratidyiko at pang-ebalwatibo sa pagsulat. Maaaring matuto ang mga mag-aaral kung paano manghikayat ng mambabasa sa tulong ng AI Tool at lumikha ng maraming mga balangkas para sa iba't ibang mga tagapakinig at sulatin na mayroong iba't ibang mga estilo. Maaaring matutuhan ng mga mag-aaral ang paghahambing at pagtataya ng mga naturang balangkas batay sa kanilang mga indibidwal na layunin sa pagsusulat (Beck & Levine, 2023). Sa mga oportunidad at mungkahi ng rebisyon na ibinibigay ng AI Tool, maaaring magkaroon ng pangkalahatang pag-unawa sa pagsasaayos at mas malawak na bokabularyo para sa pagpapahayag tungkol sa pagsusulat ang mga mag-aaral. Isa itong pahiwatig na ang paggamit ng tulong teknikal sa pagsasapraktika ng wika ay nagbibigay kakayahan sa mga mag-aaral na ilipat ang kaalaman tungkol sa pagsusulat sa mga bagong genre at konteksto (Yancey et al., 2015).



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Sa kabila ng tinataglay na kahusayan at kakahayan ng AI Tool bilang pantulong sa pagbuo ng isang pormal na sulatin, kagaya ng iba pang mga kagamitang panteknolohiya ay mayroon din itong tinataglay na mga limitasyon. Kabilang na rito ang pagiging hantad nito sa kamalian, paggamit ng hindi mapagkakatiwalaang sanggunian sa pagmumungkahi ng mga ideya, at pagbuo ng mga ideyang hindi angkop para sa mga personalisadong paksa (Su & Tran, 2024).

Kaugnay sa limitasyon at negatibong impak ng AI Tool sa pormal na pagsulat, lumitaw sa pag-aaral nina Ningrum at Zakaria (2023) na maaaring limitahan ng labis na pagsangguni sa AI Tool ang pagkamalikhain at orihinalidad ng mga mag-aaral sa pagsusulat na maaaring magdulot ng pagkawala ng personal na tinig at paglabag sa ilang mga etikal na konsiderasyon. Sa kadahilanang ito, matatalunton ang negatibong impak ang AI Tool sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na maaaring maging isang suliranin kung hindi agad mabibigyan ng nararapat na solusyon.

Tinukoy naman sa pag-aaral na ginawa ni Bhatia (2023) na kahit na nakatutulong ang AI Tool sa maraming aspekto ng pagsusulat, may ilang mga hamon at limitasyon sa paggamit nito sa pagbuo ng sulatin, kabilang na rito ang kakulangan ng transparensya, kontrol sa kalidad, mga isyu sa etika, at pagpapalaki ng umiiral na mga bias sa mga datos na kinakalap nito. Mahalaga pa rin na mayroong mga ekspertong tao na kasangkot sa proseso ng pagsulat upang magbigay-konteksto, pananaw, at pagbeberipika ng mga resultang iminumungkahi ng AI Tool sa pagbuo ng sulatin ng mga mag-aaral.

Sinang-ayunan din ito ng resulta ng pag-aaral na ginawa ni Fontenelle-Treshchuk (2024). Ayon sa kaniyang saliksik, ang pagiging palaasa ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI Tool sa pagbuo ng sulatin ay nagreresulta sa pagbaba ng kanilang kritikal na pag-iisip gayundin ang pagtaas ng tendensiya na sila ay kumopya at magsagawa ng plagiarism na nakaaapekto sa pagiging orihinal ng kanilang mga ideya at kakaniyahan ng kanilang personal na istilo sa pormal na pagsulat. Gayong naging talamak ang pagkakaroon ng suliranin sa paggamit ng AI Tool sa pagsusulat hinggil sa patuloy na pagtaas ng kaso ng plagiarism, ang mga institusyong pang-akademiko sa iba't ibang panig ng daigdig ay humanap ng pamamaraan upang maihawan ito. (Elkhatat et al., 2021).

Sa kabuuan, sinasabi ng mga naunang pag-aaral na tunay na may iba't ibang pananaw ang mga mag-aaral sa paggamit ng AI Tool. Gayundin, napatunayan sa mga pag-aaral na mayroong positibo at negatibong impluwensiya ang paggamit ng AI Tool sa antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral. Kaugnay sa mga ito, mahalagang malaman kung mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI Tool sa antas ng kanilang kasanayan sa pormal na pagsulat. Gayundin, importanteng matukoy kung mayroon nga bang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga mag-aaral ng AI Tool sa antas ng kanilang kasanayan sa pormal na pagsulat.

Gayong kamakailan lamang umusbong at ginamit sa bansa ang AI Tool bilang isang artipisyal na katalinuhan na katuwang ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampaaralan ay wala pang naisagawang lokal na pag-aaral na nagpokus hinggil sa kaugnayan ng pananaw sa paggamit nito sa antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral. Naobserbahan din ng mga mananaliksik ang kahalagahan ng pagsasagawa ng imbestigasyon sa naturang paksa gayong limitado ang mga lokal na pag-aaral tumukoy sa kaugnayan ng dalas ng paggamit ng AI Tool sa antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, mayroong mangilan-ngilang pag-aaral sa ibang bansa na may kahawig sa kaparehang paksa ngunit wala pang gumamit sa mga mag-aaral ng ikasampung baitang bilang mga tagatugon, gayundin, ay wala pang gumamit ng Filipino upang maging lunduyang



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

wika sa pagsasagawa ng pananaliksik. Dahil sa mga nabanggit na kadahilanan sa itaas ay masasabing may kakaniyahan at naiiba ang kasalukuyang pag-aaral. Tunay na napakahalagang pag-aralan ng paksang ito sapagkat bukod sa ito'y napapanahon, maaaring maging susi ito upang malaman kung dapat bang itigil o dapat bang mas higit na pag-ibayuhin ang paggamit ng artipisyal na katalinuhan, partikular ang AI Tool bilang instrumento sa proseso ng pormal na pagsulat sa mga paaralan, kolehiyo at pamantasan sa buong bansa.

### Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magbigay ng kaalaman sa mga mag-aaral, guro, magulang, pinuno ng paaralan, at mga mananaliksik sa wastong paggamit ng *AI Tool*. Magbibigay ito ng mga estratehiyang pampagkatuto para sa mga mag-aaral, gabay para sa mga guro upang bumuo ng kaalaman sa pagtuturo gamit ang *AI Tool* at iba't ibang pamamaraan ng pagsusuri at mga gawain sa pagsulat. Maaaring gamitin ng mga magulang ang mga resulta upang suportahan ang kanilang mga anak sa paggamit ng *AI Tool*, habang ang mga pinuno ng paaralan ay maaaring bumuo ng mga panuntunan at patakaran para sa naaangkop na paggamit ng *AI Tool* sa kanilang mga paaralan.

### Teoritikal na Balangkas

Ang *Unified Theory of Acceptance and Use of Technology (UTAUT)* nina Venkatesh et al. (2003) ang teoryang pinagbatayan ng kasalukuyang pananaliksik. Ayon sa nasabing teorya, ang pagiging katanggap-tanggap ng paggamit ng isang makabagong teknolohiya sa pananaw ng isang indibidwal ay nakasalalay sa direktang epekto ng apat na pangunahing aspeto: *performance expectancy*; *effort expectancy*; *social influence*, at *facilitating conditions*.




Figura 1. Teoritikal na Dayagram ng Pag-aaral sa Konsepto ng Kasalukuyang Pag-aaral

Ang *performance expectancy* ay ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa maaaring maging kaugnayan ng paggamit ng *AI Tool* sa kanilang gawaing pampaaralan partikular sa kanilang pagsulat. Ang *effort expectancy* naman ay pumapasok sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kadalihan at kahirapan ng paggamit ng *AI Tool*. Sa *social influence* naman tumutugon ang epekto ng impluwensya ng ibang tao sa mga mag-aaral upang gamitin ang *AI Tool* bilang katuwang sa mga gawaing pampaaralan, at panghuli, pumapasok sa *facilitating conditions* ang akses ng mga mag-aaral sa *AI Tool* na kung saan sa panahon ngayon ay madali nang matatalunton sa tulong ng *internet*.

Bilang kabuuan, ang teoryang ito ang pundasyon ng pagiging katanggap-tanggap ng *AI Tool* sa mga mag-aaral. Kung ang mga aspeto ng teoryang ito ay maisasabuhay nang buong husay sa paggamit ng *AI Tool*, inaasahan ang pagtamo ng positibong pananaw ng mga mag-aaral sa naturang artipisyal na katalinuhan. Sa kabilang banda naman, kung hindi isasaalang-alang ang mga ito ay maaaring



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

magkaroon ng negatibong pananaw ang mga mag-aaral sa paggamit *AI Tool*. Sa konteksto ng paggamit ng *AI Tool*, maaaring magamit ang artipisyal na katalinuhang ito upang magbigay ng suporta sa pagsusulat sa pamamagitan ng pagbibigay nito ng mga modelo, *feedback*, at suhestiyon na labis na makatutulong sa mga mag-aaral habang kanilang isinasagawa ang kanilang mga gawain sa pagsusulat. Sa pamamagitan ng ganitong kaparaanan, maaaring mapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang antas ng kasanayan sa pagsusulat habang sila ay ginagabayan ng nasabing artipisyal na katalinuhan.

### Paglalahad ng Suliranin

1. Paano mailalarawan ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *AI Tool*?
2. Paano mailalarawan ang dalas ng paggamit ng mga mag-aaral ng *AI Tool*?
  - 2.1. gawaing pang-akademiko;
  - 2.2. pagtitipon ng impormasyon;
  - 2.3. pampersonal na pag-aaral; at
  - 2.4. aksesibilidad at makatipid sa oras
3. Ano ang antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral base sa mga sumusunod na pamantayan:
  - 3.1. nilalaman;
  - 3.2. mekaniks; at
  - 3.3. organisasyon?
4. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng *AI Tool* sa mga sumusunod na antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino?
5. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang pananaw sa paggamit ng *AI Tool* at ang antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral ang disenyong deskriptibong korelasyonal sa ilalim ng kalikasang kuwantitatibo. Bukod sa pag-alam ng makabuluhang kaugnayan ng pananaw sa paggamit ng *AI Tool* sa antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral ay tinukoy rin sa pag-aaral kung ang dalas ng paggamit ng *AI Tool* ay mayroong makabuluhang kaugnayan sa antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang kasalukuyang pag-aaral ay mayroong layuning tukuyin ang mahalagang kaugnayan ng dalawang baryabol na nabanggit. Ang deskriptibong korelasyonal na disenyo ay isang uri ng kwantitatibong pananaliksik na naglalayong ilarawan at sukatin ang antas ng makabuluhang ugnayan o relasyon sa pagitan ng dalawa o higit pang mga baryabol. Ang disenyo ito ay hindi nagtatangkang manipulahin ang mga baryabol o magbigay ng konklusyon tungkol sa sanhi at bunga, kundi nakatuon sa pag-observa ng umiiral na mga relasyon at paglalarawan ng mga lumitaw na datos (Saro et al., 2023).

### Populasyon at Sampol

Ang mga tagatugon sa isinagawang pag-aaral ay nagmula sa 77 mag-aaral na nasa ikasampung baitang ng Baliuag University Basic Education, sa ikaapat na markahan ng panuruang taong 2024-2025. Ginamit sa kasalukuyang pag-aaral ang purposive sampling. Ang purposive sampling ay isang pamamaraan sa sampling kung saan ang mananaliksik ay partikular na pumipili ng mga kalahok at mga lokasyon ng pag-aaral upang siyasatin o maunawaan ang mga baryabol at suliranin ng pag-aaral (Nuryanti et al.,



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

2024). Kaugnay sa depinisyong ng naturang sampling, ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng Baliuag University Basic Education ay sadyang kinuha bilang mga tagatugon ng kasalukuyang pag-aaral gayong sila ay hantad sa paggamit ng artipisyal na katalinuhan at may sapat nang pundasyon at kaalaman sa pagbuo ng isang pormal na sulatin.

### Instrumento sa Pananaliksik

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng isang expert-validated na talatanungan na batay sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral sa AI Tool at sinusupportahan ng isang rubrik na nagmula sa paligasahan ng pagsulat ng sanaysay na idinaos ng Department of Education (2022) upang mataya at masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pormal na pagsulat sa Filipino. Ang talatanungan ay binubuo ng tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay nakatuon sa pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI Tool. Ang ikalawang bahagi ay nakasentro sa dalas ng paggamit ng AI Tool ng mga mag-aaral. Ang ikatlong bahagi ay nakatuon sa kabuuang antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral.

### Pagsusuri ng mga Datos

Ang mga sumusunod na pang-estadistikang kaparaanan ay ginamit sa pag-aanalisa ng mga datos: Sa pagtukoy ng pananaw sa paggamit ng AI Tool, antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat sa Filipino, at dalas ng paggamit ng AI Tool ng mga mag-aaral, ang mga mananaliksik ay gumamit ng mean at rank. Sa pagtukoy ng makabuluhang kaugnayan ng pananaw sa paggamit ng AI Tool at antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral, at makabuluhang kaugnayan ng dalas ng paggamit ng AI Tool at kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino, ang mga mananaliksik ay gumamit ng Spearman's Rank Correlation gayong lumitaw sa isinagawang normality test na hindi normal ang distribusyon ng mga datos sa kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino, kung kaya naman non-parametric test ang isinagawa ng mananaliksik.

## RESULTA AT DISKUSYON

### Talahanayan 1. Ang Pananaw ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng AI Tool

Tagapagpahiwatig	Mean	Interpretasyon	Rank
1. Ang AI Tool ay mayroong malalim na kakayahan para sa pag-aaral.	3.29	Lubhang Positibo	2
2. Ang AI Tool ay isang epektibong kasangkapan para sa pag-aaral.	2.95	Positibo	4
3. Ang AI Tool ay isang pantuwang para sa mga kagamitang pampagkatuto.	2.88	Positibo	6
4. Ang AI Tool ay nakakatulong sa mas epektibong pag-aaral.	2.81	Positibo	7
5. Ang AI Tool ay madaling gamitin.	3.69	Lubhang Positibo	1
6. Ang AI Tool ay nagbibigay ng kahanga-hangang paliwanag.	3.00	Positibo	3
7. Ang AI Tool ay nagbibigay ng maayos na istraktura ng mga sagot.	2.79	Positibo	8



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

8. Ang <i>AI Tool</i> ay kadalasang tumutugon nang tama sa mga katanungan.	2.75	Positibo	9
9. Ang <i>AI Tool</i> ay mas mahusay kaysa sa ibang mga kasangkapan tulad ng <i>Search Engine</i> .	2.49	Negatibo	10
10. Ang <i>AI Tool</i> ay nakakapagparamdam ng pagiging optimistiko.	2.90	Positibo	5
<b>Pangkalahatan</b>	2.95	Positibo	

Makikita sa Talahanayan 1 ang interpretasyon ng *mean* ng pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *AI Tool*. Lumitaw sa resulta ng pag-aaral na mayroong positibong pananaw ang mga tagatugon ayon sa pangkalahatang *mean* ( $M = 2.95$ ). Napag-alaman na ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw sa paggamit ng *AI Tool*. Napag-alaman na ang *AI Tool* ay nagbibigay ng malalim na kakayahan sa pag-aaral, madaling gamitin, at nag-aalok ng malinaw na mga paliwanag na makakatulong sakanilang pang akademikong pang-gawain. Bukod pa rito, ang resultang ito ay sang-ayon din sa pag-aaral na isinagawa ni Abbasi et al. (2025) kung saan ipinunto nila na ang tulong ng *AI Tool* sa pagpapalalim ng kaalaman sa mga aralin at pagpapadali sa mga gawain sa paaralan ang dahilan kung bakit may positibong pananaw ang mga mag-aaral dito. Sa kabuuan, masasabing ang mga tagatugon ay mayroong positibong pananaw sa paggamit ng *AI Tool*.

## Talahanayan 2. Ang Dalas ng Paggamit ng *AI Tool* ng mga Mag-aaral

Tagapagpahiwatig	Mean	Interpretasyon	Rank
1. Gawaing Pang-akademiko	2.38	Madalang	4
2. Pagtitipon ng Impormasyon	2.88	Madalas	2
3. Pampersonal na Pag-aaral	2.46	Madalang	3
4. Aksesibilidad at Makatipid sa Oras	3.03	Madalas	1
<b>Pangkalahatan</b>	2.69	Madalas	

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang interpretasyon ng *mean* ng dalas ng paggamit ng *AI Tool* ng mga tagatugon. Makikita sa resulta na madalas gumamit ng *AI Tool* ang mga mag-aaral ayon sa pangkalahatang *mean* ( $M = 2.69$ ). Napag-alaman na ginamit ng mga mag-aaral ang *AI Tool* upang mangalap ng impormasyon sa isang partikular na paksa, makakuha ng karagdagang impormasyon, makatipid ng oras, at ginagamit nila ito dahil madali itong gamitin, itinuturing din nila itong isang mahalagang suportang pampagkatuto para sa kanilang pag-aaral. Sa kabilang banda, ipinahayag na ang mga mag-aaral na madalang silang gumamit ng *AI Tool* para sa pagbuo ng proyekto, mga tala sa pang-araw-araw na aralin, paghahanda sa pagsusulit, pampersonal na kaalaman, gayundin para sa paghahanda sa pagsusulit. Napag-alamang positibo ang mga natuklasang ito dahil nais ng mga guro na hikayatin ang mga mag-aaral na huwag umasa lamang sa paggamit ng *AI Tool* para sa kanilang mga akademikong gawain ngunit gamitin ito para lamang sa suporta sa pag-aaral. Bukod para rito, kahalintulad din ng resultang ito ang lumitaw sa pag-aaral nina Von Garell at Mayer (2023) kung saan ay tinukoy nila na ang kanilang mga mag-aaral na tagatugon ay madalas din na gumamit ng *AI Tool* sa pagkalap ng mga impormasyon at upang mapabilis ang pagsasakatuparan ng mga kahingian sa paaralan. Sa pangkalahatan, masasabing kadalasang gumagamit ng *AI Tool* ang mga mag-aaral para sa pangangalap ng impormasyon, at sa aksesibilidad nito para makatipid sa oras sa mga akademikong gawain sa kanilang pag-aaral.




Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

**Talahanayan 3.** Ang Kabuuang Antas ng Kasanayan sa Pormal na Pagsulat ng mga Mag-aaral

Kasanayan	Mean	Interpretasyon	Rank
1. Nilalaman	2.42	Katamtaman	1
2. Mekaniks	2.06	Katamtaman	3
3. Organisasyon	2.14	Katamtaman	2
Pangkalahatan	2.21	Katamtaman	

Ipinakikita sa talahanayan 3 ang interpretasyon ng *mean* ng kabuuang antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral. Lumitaw sa resulta na ang mga tagatugon ay mayroong katamtamang antas pagdating sa antas ng kanilang pormal na pagsulat sa Filipino (M = 2.21). Ang tatlong kasanayan sa ilalim ng pormal na pagsulat ng mga tagatugon ay nagkaroon interpretasyong “Katamtaman”, kung saan ang lumitaw na may pinakamataas na *mean* ay ang “Nilalaman” (M = 2.42) na sinundan ng “Organisasyon” (M = 2.14), samantalang ang nagkaroon naman ng pinakamababa ay ang “Mekaniks” (M = 2.06). Natuklasan na ang mga mag-aaral ay mayroong katamtamang antas ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino sa lahat ng pamantayan. Ipinapakita ng resulta na ito na ang mga mag-aaral ay mayroon nang malalim na pundasyon sa pagsulat, gayunpaman ay mayroon pa itong ihuhusay sa gabay ng guro at sa pamamagitan ng matamang pagsasanay. Kaugnay rito, tinukoy ni Farikha (2020) na hindi nakadidismaya at maraming paraan upang pataasin ang katamtamang antas ng kasanayan sa pagsulat. Kabilang sa mga pamamaraang ito ay ang madalas na pagsasanay sa pagsusulat kagaya ng pagbuo ng dyurnal at sa pamamagitan ng matamang pagbibigay ng tugon o puna ng guro sa mga sulatin na ipinapasa ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, masasabing ang mga mag-aaral ay hindi mahina at hindi rin naman mahusay sa pagbuo ng pormal na sulati, datapwat malaki ang puwang at pagkakataon upang lala pang humusay at tumaas ang kanilang antas ng kasanayan sa pagsulat.



*Figura 2.* Ang Dalas ng Paggamit ng AI Tool at Kasanayan sa Pormal na Pagsulat ng mga Mag-aaral

Ginamit ang Spearman’s rank correlation coefficient sa pagtutuos upang matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng dalas ng paggamit ng *AI Tool* at ang antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral batay sa mga sumusunod na pamantayan: nilalaman, mekaniks, at organisasyon. Base sa naging resulta ng pag-aanalisa ng mga datos, ipinakikita sa Figura 2 na walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng *AI Tool* sa antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral sa alinmang pamantayan. Gayunpaman, taliwas ito sa pag-aaral nina Aglibot et al. (2024), lumitaw sa kanilang pagsasaliksik na ang paggamit ng *AI Tool* ay mayroong makabuluhang kaugnayan sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, kung saan ang paggamit ng naturang artipisyal na katalinuhan ay maaaring mas higit na makatulong upang mas lalong malinang ng mga mag-aaral



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

ang kanilang kasanayan sa pagsusulat. Bilang pangkalahatan, masasabing ang dalas ng paggamit ng *AI Tool* ay walang makabuluhang kaugnayan sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat.




Figura 3. Ang Pananaw sa Paggamit ng *AI Tool* at Kasanayan sa Pormal na Pagsulat ng mga Mag-aaral

Ginamit ang Spearman's rank correlation coefficient sa pagtutuos upang matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng pananaw sa paggamit ng *AI Tool* at ang antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral batay sa mga sumusunod na pamantayan: nilalaman, mekaniks, at organisasyon. Base sa naging resulta ng pag-aanalisa ng mga datos, matutunghayan sa Figura 3 na walang makabuluhang kaugnayan ang pananaw sa paggamit ng *AI Tool* sa antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral sa alinmang pamantayan. Gayunpaman, ang resultang ito ay taliwas sa pag-aaral nina Allen at Mizumoto (2024), na nagpakita na ang isang positibong pananaw sa paggamit ng *AI Tool* ay mayroong makabuluhang relasyon sa mas paghusay ng mga gumagamit nito sa mga akademikong gawain kabilang na ang pagbuo ng isang sulatin. Sa kabuuan, masasabi na ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *AI Tool* ay walang makabuluhang kaugnayan sa antas ng kanilang kasanayan sa pormal na pagsulat sa Filipino.

## KONKLUSYON

Ang pag-aaral ay nakilala na ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw sa paggamit ng *AI Tool* para sa kanilang mga gawaing pang-akademiko. Bilang karagdagan, ang mga natuklasan ay nagpahiwatig na ang mga mag-aaral ay madalas na gumagamit ng *AI Tool*, na isinasama ito sa kanilang proseso ng pag-aaral bilang isang mahalagang mapagkukunan. Higit pa rito, ang mga mag-aaral ay nagpakita ng katamtamang antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat sa Filipino, na nagmumungkahi na habang sila ay nagtataglay ng ilang mga kasanayan sa pagsulat, may puwang para sa pagpapabuti. Sa kabila ng madalas na pakikipag-ugnayan sa *AI Tool*, kinumpirma ng pagsusuri na ang dalas ng paggamit nito ay hindi nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pormal na pagsulat sa Filipino. Ang kakulangan ng ugnayang ito ay tumuturo sa isang nakakaintriga na aspeto ng pang-edukasyon na tanawin, kung saan ang mataas na pagkakalantad sa teknolohiya ay hindi awtomatikong isinasalin sa pinahusay na mga kakayahan sa pagsulat. Bukod dito, napag-alaman na ang mga positibong pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa *AI Tool* ay may katulad na walang makabuluhang kaugnayan sa kanilang pormal na kasanayan sa pagsulat. Iminumungkahi nito na habang pinahalagahan ng mga mag-aaral ang gamit ng *AI Tool*, ang kanilang mga kasanayan sa pagsulat sa Filipino ay maaaring nakasalalay sa iba pang mga kadahilanan na higit pa sa pakikipag-ugnayan sa teknolohiya, tulad ng kalidad ng pagtuturo, indibidwal na motibasyon, at pagsasanay sa pagsulat.



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## Rekomendasyon

Para sa mga guro sa Filipino, dahil ang mga mag-aaral ay madalas na gumagamit ng AI Tool at may mayroong positibong pananaw ukol dito, hinihikayat na bigyan ng pagkakataong maipaloob ang paggamit nito sa ilang mga gawain sa klase. Gayundin, ibayong patnubay, tamang paggabay, at matamang paglalagat ng mga alituntunin hinggil sa responsableng paggamit ng AI Tool ang marapat na isagawa at ipatupad ng mga guro sa klase. Marapat ding linawin na ang naturang artipisyal na katalinuhan ay gagamitin lamang ng mga mag-aaral bilang gabay o hanguan ng impormasyon at hindi instrumento upang kumopya o magnakaw ng mga ideya.

Para sa administrasyon ng paaralan, iminumungkahi na huwag ipagbawal ang paggamit ng AI Tool sa pagbuo ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral. Gayumpaman, mainam na linawin ang mga patakaran at alituntunin na magsisilbing gabay ng mga mag-aaral tungo sa mapanagutan at mas responsableng paggamit ng mga naturang artipisyal na katalinuhan.

Inirerekomenda rin sa mga guro ng Filipino na mas pag-igtingin pa ang pagtuturo ng balarila upang higit na mahasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng wastong salita, bantas, at pagbabaybay. Gayundin, hinihikayat din ang mga guro na magsagawa ng aktibong pagsasanay sa pagsulat na hahasa sa kritikal na pag-iisip, huhubog sa pagkamalikhain sa pagbuo ng nilalaman, at tatasa sa mas maayos na pagsasalansan ng organisasyon ng ideya ng mga mag-aaral. Iminumungkahi rin na dagdagan pa ang mga gawaing may kaugnayan sa pagbuo ng pormal na sulatin sa Filipino kagaya ng pagtatalaarawan, pagbuo ng dyurnal, at pagpapaigting ng pasanaysay na bahagi sa mga markahang pagsusulit nang sa gayon ay mas mapataas pa ang katamtamang antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral.

Para sa mga mananaliksik, inirerekomenda na bumuo pa ng ibang mga pananaliksik na kaugnay sa paksa ng kasalukuyang pag-aaral gamit ang mas maraming bilang ng tagatugon mula sa kapareha o ibang baitang, gayundin ng pagsasagawa ng pag-aaral mula sa ibang lugar o paaralan.

## MGA SANGGUNIAN

- Abbasi, B., Sheikh, K., Jatoi, D. K., & Insaf, R. (2025). University Students' Views on AI Tools for Learning: Implications for Sustainable Educational Practices. *Journal of Asian Development Studies*, 14(2), 1048-1057. <https://doi.org/10.62345/jads.2025.14.2.82>
- Aglibot, K. A., Edrian Mark Tomines, Talaman, J., Janabeth Soguilon, Bongolto, R., & Abayon, R. M. (2024). Usability of ChatGPT in the english essay writing proficiency of the BEED students. *Journal of Science and Education (JSE)*, 4(2), 163–177. <https://doi.org/10.56003/jse.v4i2.338>
- Ajlouni, A. O., Wahba, F. A. A., & Almahaireh, A. S. (2023). Students' attitudes towards using ChatGPT as a learning tool: The case of the University of Jordan. *International Journal of Interactive Mobile Technologies*, 17(18). <https://openurl.ebsco.com/>
- Allen, T. J., & Mizumoto, A. (2024). ChatGPT Over My Friends: Japanese English as a foreign language learners' preference for editing and proofreading strategies. *RELC Journal*. <https://doi.org/10.1177/00336882241262533>



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

- Beck, S. W., & Levine, S. R. (2023). ChatGPT: A powerful technology tool for writing instruction. *KAPPAN*. <https://kappanonline.org/chatgpt-writing-instruction-beck->
- Bhatia, P. (2023). ChatGPT for academic writing: A game changer or a disruptive tool?. *Journal of Anaesthesiology, Clinical Pharmacology*, 39(1), 1. <https://www.ncbi.nlm./>
- Chen, X., Xie, H., Zou, D., & Hwang, G. (2020). Computers and Education: Artificial Intelligence. *ScienceDirect*. 1. <https://doi.org/10.1016/j.caeai.2020.100002>
- De Oliveira, W. (2023). The Revolution of Artificial Intelligence (AI) in the 21st century: Social impacts and professional transformation. *Linkedin*. <https://www.linkedin.com/pulsea>
- DepEd Region XII Schools Division of South Cotabato. (2022). *Pagsulat ng Sanaysay (Rubriks)*. <https://depedsouthcotabato.org/wp-content/uploads/2022/03/Enclosure-to-DM-CID-No.-028-s.-2022-Mechanics-of-the-Contests.pdf>
- Elkhatat, A. M., Elsaid, K., & Saeed Almeer. (2021). Some student's plagiarism tricks, and tips for effective check. *International Journal for Educational Integrity*, 17(1). <https://doi.org/10.1007/s40979-021-00082-w>
- Enriquez, B. G. A., Ballesteros, M. A. A., Jordan, O. H., Roca, C. L., & Tirado, K. S. (2023). Analysis College Students' attitude towards the use of ChatGPT in their academic activities: Effect of intent to use, verify information and responsible use. *ResearchGate*. <http://dx.doi.org/10.21203/rs.3.rs-3563928/v1>
- Estrellado, C. J., & Miranda, J. C. (2023). Artificial Intelligence in the Philippine educational context: Circumspection and future inquiries. *International Journal of Scientific and Research Publications*, 13(5). [https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract\\_6](https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_6)
- Fabella, F. E. T. (2023). Attitudes toward the positive and negative features of chat gpt by selected first year college students. *International Research Journal of Modernization in Engineering Technology and Science*, 5(10), 1632-1639. <https://www.researchgate.net/profile/Frederick-Edward-Fabella/publication/374848238f>
- Farikha, N. (2020). The effectiveness of writing journal and feedback on increasing writing proficiency at university students. *EDUCATION AND LINGUISTICS KNOWLEDGE JOURNAL*, 2(1), 20-48. <https://doi.org/10.32503/EDULINK.V2I1.994>
- Fontenelle-Tereshchuk, D. (2024). Academic writing and ChatGPT: Students transitioning into college in the shadow of the COVID-19 pandemic. *Discover Education*, 3(1), 1-10. <https://link.springer.com/article/10.1007/s44217-023-00076-5>
- Frankenfield, J. (2023). Artificial Intelligence (AI): What it is and how it is used. *Investopedia*. <https://www.investopedia.com/terms/a/artificial-intelligence-ai.asp>
- Ghalayini, Y. E., & Zarrad, R. G. (2023). Assessing students' perception of the effectiveness of ChatGPT in undergraduate writing courses in Tunisia. *Diamond Scientific Publishing*. <https://www.doi.org/10.33422/6th.ireconf.2023.07.112>



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

- Hagendorff, T. (2020). The ethics of AI ethics: An evaluation of guidelines. *Minds and Machines*, 30(1), 99–120. <https://doi.org/10.1007/s11023-020-09517-8>
- Hamilton, I., & Swanston, B. (2023). Artificial Intelligence in education: Teachers' opinions on AI in the classroom. *Forbes Advisor*. <https://www.forbes.com/advisor/>
- Lee, A., Koh, E., & Looi, C. (2023). AI in education and learning analytics in Singapore: an overview of key projects and initiatives. *Information and Technology in Education and Learning*, 3(1). [https://www.jstage.jst.go.jp/article/itel/3/1/3\\_3.1.Inv.p001/\\_article](https://www.jstage.jst.go.jp/article/itel/3/1/3_3.1.Inv.p001/_article)
- Lieberman, M. (2023). What Is ChatGPT and how is it used in education? *Education Week*. <https://www.edweek.org/technology/what-is-chatgpt-and-how-is-it-used->
- Liu, J., Kong, X., & Xia F. (2018). Artificial Intelligence in the 21st Century. *ResearchGate*, 99 (1). <http://dx.doi.org/10.1109/ACCESS.2018.2819688>
- Ningrum, S., & Zakaria. (2023). ChatGPT's impact: The AI revolution in EFL writing. *Borneo Engineering & Advanced Multidisciplinary International Journal*, 2 (Special Issue (TECHON 2023), 32-37. <https://beam.pmu.edu.my/index.php/beam/article/view/109>
- Nuryanti, A., Silfia, E., & Aisyah, S. (2024). Students' perception on the use of youtube for students' speaking skill at SMAN 8 Kota Jambi. *JELT: Journal of English Language Teaching*, 8(1), 13-18. <https://jelt.unbari.ac.id/index.php/jelt/article/view/155>
- Ortiz, S. (2024). OpenAI's new ChatGPT Edu is for universities. Here's how teachers and students can benefit. *ZDNET*. <https://www.zdnet.com/article/open>
- Saro, J. M., Apat, J. Q., & Pareja, M. S. (2023). A descriptive-correlational study of the teachers' motivation, competences, and perceptions in writing action research. *Journal of Advances in Education and Philosophy*, 7(1), 14–24. <https://doi.org/10.36348/jaep.2023>.
- Song, C., & Song, Y. (2023). Enhancing academic writing skills and motivation: Assessing the efficacy of ChatGPT in AI-assisted language learning for EFL students. *Frontiers in Psychology*. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2023.1260843>
- Su, A. A. T., & Tran, T. H. N. (2024). The benefits and weaknesses of Chatgpt on students' learning writing. *International Journal of AI in Language Education*, 1(1), 20–28. <https://doi.org/10.54855/ijaile.24112>
- United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2022). Artificial Intelligence in education. *Digital Learning and Transformation of Education*. <https://www.unesco.org/en/digital-education/artificial-intelligence>
- Venkatesh, V., Morris, M. G., Davis, G. B., & Davis, F. D. (2003). User acceptance of information technology: Toward a unified view. *MIS quarterly*, 425-478. <https://doi.org/10.2307/30036540>
- Von Garrel, J., & Mayer, J. (2023). Artificial Intelligence in studies—use of ChatGPT and AI-based tools among students in Germany. *Humanities and Social Sciences Communications*, 10(1). <https://doi.org/10.1057/s41599-023-02304-7>



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

- Wood-Harper, T. (2021). Future teaching and learning applications in the smart campus: A review on higher education institutions. *IGI Global*. <https://www.igi-global.com/dictionary/future-teaching-and-learning-applications-in-the-smart0>
- World Economic Forum. (2024). AI and education: Kids need AI guidance in school. But who guides the schools. *Education*. <https://www.weforum.org/agenda/2024/01/ai-guidance-school-responsible-use-in-education/>
- Yancey, K. B., Robertson, L., & Taczak, K. (2015). Writing across contexts: Transfer, composition, and sites of writing. *Utah State University Press*. <https://doi.org/10.2307/j.ctt6wrr95>



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.